Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership





# 4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

# (Home Economics)

## Ikatlong Markahan – Modyul 6

Wastong Paghihiwalay ng Basura sa Bahay



Name of Learner: ______________________
Grade & Section: ______________________
Name of School: ______________________

N-AVIGATING
O-PPORTUNITIES TO
R-EENGINEER FOR
T-RANSFORMATION &
E-MPOWERMENT

Service with a Heart

"Be and Do Much Better Each Day with a Sense of Urgency"

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan- Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan- Modyul 6**
**Wastong Paghihiway ng Basura sa Bahay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Published by the Department of Education
Secretary: Leonor Magtolis Briones
Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

**Pangkat sa Pagbuo ng Modyul**

| | |
|---|---|
| Manunulat | : MORITA J. CAANGAY |
| Editor | : ANDRES L. MATILA<br>VIRGILIA L. PERVANDOS |
| Tagasuri | : NILDA Y. GALAURA, EdD |
| Tagaguhit | : MYRLAN R. REALIZA |
| Tagapamahala | SDS: MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V<br>ASDS: JUDITH V. ROMAGUERA, EdD<br>ASDS: MA. JUDELYN J. RAMOS, EdD<br>ASDS: ARMANDO P. GUMAPON, EdD<br>CID Chief: LILIA E. ABELLO, EdD<br>LR: EVELYN C. LABAD<br>PSDS: DANILO B. ALGA |



# Alamin

Ang kagamitang ito ay naglalayon na matulungan ang mga guro at mag-aaral na mapagaan ang kanilang pagtuturo at pagkatuto gamit ang patnubay sa guro at kagamitan ng mag-aaral.

Ginamitan ng iba't ibang estratehiya ng bawat aralin upang lubusang matutunan ng mga mag-aaral ang lahat ng aralin sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP). Ito ay kinapapaluuban ng *lecture* ng guro at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral upang sila ay matuto. Ang aktuwal na paggawa ng mga mag-aaral sa mga piling aralin sa Home Economics, Idustrial Arts, at Elemantary Agriculture Ay masusing inihanda ng mga manunulat sa iba't ibang Component sa EPP. Ito ay upang maranasan ng mga mag-aaral ang aktuwal na paggawa upang maihanda sila sa mundong ito at matutunan nilang mahalin ang kanilang mga ginagawa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

**Pamantayan sa Nilalaman**

Naipamalas ang pag-unawa sa batayang konsepto ng "gawaing pantahanan" at ang maitutulong nito sa pag-unlad ng sarili at tahanan.

**Pamantayan sa Paganap**

Naisasagawa ng may kasanayan ang mga gawaing pantahanan na makatutulong sa pangangalaga ng pansarili at ng sariling tahanan.

**Pamantayang Pagkatuto**

Naisasagawa ang wastong paghihiwalay ng basura sa bahay(EPP4HE-Og-10)



# Subukin

**Panuto:** Iguhit sa patlang ang  kung nagpapakita ng wastong paglilinis sa tahanan at bakuran ang pangungusap,  kung hindi.

_______1. Araw-araw na alisin ang alikabok sa mga kasangkapan na sinisimulan sa mataas na bahagi pababa

______2. Walisin ang sahig pagkatapos maglampaso gamit ang *mop*

______3.Ang pagwawalis ay ginagawa sa loob at labas ng bakuran

______4.Siguraduhing tuloy-tuloy na dumadaloy ang tubig sa kanal upang hindi pamugaran ng mga lamok
______5.Ipaubaya ang pagwawalis sa loob ng bakuran sa mga kapitbahay.
______6.Pagsama-samahin ang lahat g uri ng basura sa isang lalagyan.
______7.Upang hindi pamahayan ng mga hayopat insekto ang basurahan, ugaliing ito ay natatakpan.
______8.Maaring gawing pataba ang mga natuyong dahon at halaman.
______9. Upang mabawasan ang basura, sunugin sa loob ng bakuran ang mga ito.
______10.Sa pagtatapon ng basura, dapat na paghiwa-hiwalayin ang nabubulok at di-nabubulok.



# Balikan

**Panuto:** Isulat sa patlang ang salitang **Tama** kung wasto ang diwang isinasaad sa pangungusap at **Mali** kung hindi.

_______1. Paghalu-haluin ang mga basura at sunugin ang mga ito.
_______2. Ihiwalay ang nabubulok sa hindi nabubulok at ibaon sa *compost pit* ang nabubulok.
_______3. Pupulutin at itapon sa bakanteng lute ang mga basura.
_______4. Ipunin lahat ang nagkalat na basura at itapon sa ilog.
_______5. Itapon nang maayos ang mga basura at i-recyle ang mga bagay na maaring magamit pa o maaring ipagbili.



# Pagtalakay

**ISIPING MABUTI**

*Ang waste segregation o paghihiwalay o pag-uuri ng basura ay ayon sa nabubulok at di nabubulok at mapanganib.
*Umpisahan ang paghihiwalay o pag-uuri ng basura sa bahay pa lamang .
* Ang halimbawa ng mga nabubulok na basura ay ang mga balat ng prutas at gulay, mga tirang pagkain, papel at marami pang ibang basurang maaring gawing fertilizer.
* Ang mga halimbawa naman ng mga di nabubulok ay iyong mga yari sa plastik, bote, lata, mga bakal, at iba pa.
* Ang mga halimbawa naman ng mga mapanganib na basura ay iyong mga baterya, tirang pintura, bleach,

## Malayang Gawain 2

**Panuto:** Hanapin sa Hanay B ang mga isinasaad sa Hanay A. Isulat ang titik sa patlang na nakalaan.

**A.**

______1. Maglaan ng wastong lalagyan ng mga basura.

______2. Paghihiwa-hiwalayin ang mga basurang nabubulok at di-nabubulok. Ito ay tinatawag na Waste Segragation.

______3. Ang mga basurang di-nabubulok ay maaring gamiting muli o i-recycle Ang iba naman ay maaring pagkakakitaan o ebenta.

______4. Ang mga basurang nabubulok ay maaring ilagay sa *compost pit.*

______5. Iwasan ang pagsusunog ng basura.

**B**

a. 


b. 

c. 


d. 

e. 

## Malayang Pagtataya 2

**Panuto:** Basahin at unawain ang tanong sa bawat bilang. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang maaring gawin sa mga basurang di-nabubulok?
   A. Ibaon sa lupa
   B. Isama sa basurang nabubulok
   C. Gamiting muli o i-recycle
   D. Sunugin sa basurahan

2. Sa anong paraan maaring mapakinabangan ang mga basurang nabubulok?
   A. Gawing pataba
   B. Gamiting muli o i-recycle
   C. Isama sa ibebenta
   D. Hayaan lang na mabulok

3. Naglilinis ka ng iyong bahay dahil napansin mo na marami ng basura. Ano ang maari mong gawin?
   A. Ipunin ang mga ito at ilagay sa isang lalagyan
   B. Maghukay at ibaon lahat ng basura sa lupa
   C. Ilagay sa labas ng bakuran at hintayin na may kumuha nito
   D. Paghiwalayan ang mga basura.

4. Napansin mong marami nang naipon na boteng plastic sa inyong bahay, ano ang maari mong gawin?
   A. Ibaon ang mga ito sa lupa
   B. Itapon ang mga ito sa dagat
   C. Ipunin ang mga ito sa bakuran at sunugin
   D. Maaring gawin itong dekorasyon sa bahay o ibenta

5. Sino sa mga sumusunod na mga bata ang nagpapakita ng magandang halimbawa?

A. Inipon ni Roda ang lahat ng kanilang basura at sinunug sa bakuran
B. Nagwalis si Edgar at iniwan nang maayos ang basura sa gilid ng kanilang bakuran
C. Pagkatapos maglinis ni Maris, itinapon niya ang kanilang basura sa isang lalagyan
D. Naglaan si Vic ng bukod na lalagyan para sa basura nilang nabubulok at di-nabubulok

## Malayang Gawain 3

**Panuto**: Magtala ng tig-tatlong halimbawa ng mga basurang nabubulok, di-nabubulok, at mapanganib na matatagpuan sa iyong sariling tahanan.

***Nabubulok na basura***

1.________________________
2.________________________
3.________________________

***Di nabubulok na basura***

1.________________________
2.________________________
3.________________________

***Mapanganib na basura***


1.________________________
2.________________________
3.________________________


## Malayang Pagtataya 3

**Panuto:** Unawain ang mga pangungusap. Isulat ang mga nawawalang letra sa kahon sa kahon upang mabuo ang tamang salita.


1. Ang paghihiwalay ng basura ay tinatawag na,

___ ___ ___ ☐ ___






2. Ang mga tirang pagkain at balat ng prutas ay mga halimbawa ng basurang





3. Ano ang maaring gawin sa mga bagay o basurang di-nabubulok?






4. Dito maaaring ilagay ang mga basurang nabubulok upang gawing pataba




5. Sa pagtatapon ng basura, dapat na ito ay _________.





# Isaisip

**ISIPING MABUTI**

*Ang waste segregation o paghihiwalay o pag-uuri ng basura ay ayon sa nabubulok at di nabubulok at mapanganib.
*Umpisahan ang paghihiwalay o pag-uuri ng basura sa bahay pa lamang .
* Ang halimbawa ng mga nabubulok na basura ay ang mga balat ng prutas at gulay, mga tirang pagkain, papel at marami pang ibang basurang maaring gawing fertilizer.
* Ang mga halimbawa naman ng mga di nabubulok ay iyong mga yari sa plastik, bote, lata, mga bakal, at iba pa.
* Ang mga halimbawa naman ng mga mapanganib na basura ay iyong mga baterya, tirang pintura, bleach, insecticide, kemikal na panglilinis sa banyo, bumbilya, at marami pang iba.



# Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod na tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot

1. Ano tawag sa paghihiwalay ng mga basura sa nabubulok at di-nabubulok?
   A. waste management  C. waste segragation
   B. waste  D. management
2. Saan ilagay ang mga basurang nabubulok?
   A. Compost pit  C. ilog
   B. dagat  D. sa bakuran
3. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga basurang nabubulok, maliban sa
   A. balat ng saging  C. Tuyong dahon
   B. mga gulay  D. bote
4. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng mga basurang ma i-recycle
   A. plastic na bote  C. tirang pagkain
   B. basag na salamin  D. lantang gulay

5. Nagkalat ang basura sa inyong bahay ano ang iyong gagawin?
A. Ipunin lahat at ibalot sa plastik.
B.Ilagay sa basuran at hintayin ang trak na kukuha nito
C. Ihiwalay ang nabubulok sa hindi nabubulok at ibaon sa compost pit ang nabubulok.
D. Paghalo haloin ang mga basura at sunugin ang mga ito.

6. Ang mga basurang nabubulok ay maari pa ring pakinabangan kung ito ay
A. gagawing pataba
B. hahayaan lang na mabulok
C. ibebenta sa*junkshop*
D. gagamitin pa o ire-recycle

7. Kapag hiwa-hiwalayin ang mga basura, ano ang angkop gawin para sa mga basurang di-nabubulok?
A. ibaon sa lupa
B. isama sa basurang nabubulok
C. ipunin sa bakuran at sunugin ang mga ito
D. Lumikha ng bagong produkto mula dito o i-recycle

8. Saan angkop ilagay ang mga tuyong dahon, tirang pagkain, balat ng prutas at gulay kung ikaw ay maghihiwalay ng basura?
A. sa basurahang nabubulok
B.sa basurahang ma i-recycle
C. sa basurahang di- Nabubulok
D. Maaring isama sa lahat

9. Bakasyon na, marami kang *notebook* at papel na hindi na gagamitin. Ano ang maari mong gawin sa mga ito?
A. Ibaon ang mga ito sa lupa
B. Itapon ang mga ito sa kanal
C. Ipunin ang mga ito sa bakuran at sunugin
D. Maaaring gawing dekorasyon sa bahay o ibenta

10. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng magandang halimbawa ngpagtatapon ng basura?
A. Pinaghiwa-hiwalay ni Rico ang mga basurang nabubulok sa di-nabubulok.
B. Sinunog ni Alvin ang mga lumang diyaryo at papel sa kanilang bakuran
C. Pagkatapos maglinis ni Rita, nilagay niya ang lahat ng basura sa lahat ng lalagyan
D. Naglilinis si Lorna ng kanilang bahay iniwan ang mga basura sa kanilang kapitbahay.



# Susi ng Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Tuklasin |
|---|---|---|
| 1. ☹ | 1. Mali | depende sa sagot sa mga bata (Answer may vary) |
| 2. ☹ | 2. Tama | |
| 3. ☺ | 3. Tama | |
| 4. ☹ | 4. Mali | **Suriin** |
| 5. ☺ | 5. Tama | 1. b |
| 6. ☺ | 6. Tama | 2. a |
| 7. ☹ | 7. Tama | 3. d |
| 8. ☹ | 8. Tama | 4. c |
| 9. ☺ | 9. Mali | 5. e |
| 10. ☺ | 10. Tama | |

**Pagyamanin**

| Nabubulok | Di-nabubulok | |
|---|---|---|
| Papel | gamit na baterya | |
| Kahoy | lata ng sardinas | pamatay ng peste |

6. N 2. A 5. D
7. DN 3. g

**Independent Activity 3**

Depende sa sagot sa mga bata

(Answer may vary) 10. a

**Independent Ass. 3**

1. Waste segregation
2. Nabubulok
3. Recycle
4. Compost pit
5. paghiwahiwalayin

**REFERENCES**

LRMDS Portal

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4

Kagamitan ng Mag-aaral page 295-296

http://www.google.com/search?sa=X&sxsrf